

Chapter One



“Do you, Odessa Jane, take Troy as your lawfully wedded husband, to have and to hold, from this day forward, for better, for worse, for richer, for poorer, in sickness and in health, until death do you part?” tanong ng nakangiting pari kay Odessa habang pinagmamasdan siya ni Troy.

Nasa harapan sila ng halos tatlong daang kataong pumupuno sa simbahan para panoorin ang pag-iisang dibdib ng mga tagapagmana ng dalawa sa pinakamayayamang angkan sa Maynila. Ang kailangan lang niyang gawin ay magsabi ng ‘I do’.

Parang asidong nagliliyab ang dalawang salitang iyon sa lalamunan ng dalaga.

“Odessa,” pabulong na udyok ni Troy habang pinipisil ang malamig niyang mga daliri.

Huminga siya nang malalim at hinila ang kanyang kamay, umiiling. “I’m sorry,” sabi niya rito bago hinarap ang nabiglang pari at dito naman nanghingi ng paumanhin. “I’m sorry, Father.”

Nagsimula ang bulung-bulungan sa hanay ng mga bisita bago nagtataakang tumayo ang mga magulang nilang dalawa mula sa unang hilera ng mga upuan.

“Odessa!” sigaw ng kanyang ina na naging

hudyat para tumayo na rin ang iba pang mga bisita.

Nagsimula siyang maglakad palayo kay Troy na nanatiling nakatayo sa harap ng altar, nakaawang ang bibig na sinusundan lang siya ng tingin.

Head held high, naglakad siya sa red carpet sa aisle ng simbahan, hindi pinapansin ang pagtawag ng nagulantang niyang mga kamag-anak. At nang marinig ang tawag ni Troy nang matauhan ito, iniangat ni Odessa ang palda ng suot niyang gown at nagsimulang tumakbo.

“Manong, sa hotel po,” sabi niya sa nabiglang driver ng bridal car matapos niyang lumundag pasakay sa backseat.

“Ma’am?” nagtataka nitong tanong.

“Pahatid po sa hotel,” ulit niya. Nanlalaki ang mga mata nitong nakatingin sa kanya, sa bride na sumakay sa bridal car nang walang groom sampung minuto matapos nitong maglakad patungo sa lalaking pakakasalan nito. “Manong,” naiinis na niyang sikmat. “Sa hotel. Pakibilisan lang po.”

Pinuno niya ng awtoridad ang tinig at sa wakas ay kumilos ang driver. Umandar ang kotse saktong lumabas sa simbahan ang kanyang groom at mga kamag-anak, isinisigaw ang kanyang pangalan.

Nilingon niya ang mga ito at nakita ang pagkabigla at galit sa mukha ni Troy habang papalayo ang sinasakyan niya. Bumuga siya ng hangin at muling sumandal sa upuan. Ipinatong ni

Odessa ang isang palad sa dibdib. Dumadagundong ang puso niya pero alam niya, from the bottom of that crazily beating heart, tama ang kanyang ginawa.

Nang marating nila ang hotel kung saan naka-billet ang wedding party, lumabas ng kotse ang dalaga. At ang sarap lang sa pakiramdam na *dalaga* pa siya. Nagmamadali siyang dumerecho sa entrance ng hotel. Alam niyang pati ang attendant doon ay nagulat pero naging professional ito at magiliw siyang binati bago pinagbuksan ng mga pinto.

“Good morning!” sabi niya na para bang hindi siya naka-wedding gown at wala siyang belong nakatabing sa mukha. Itinulak niya palikod ang belo, ibinigay sa natulalang receptionist sa front desk ang dala niyang wedding bouquet bago lumiko sa banks ng elevator.

“Hold the elevator please!” tawag niya nang makitang pumasok ang isang lalaki sa kabubukas lang na elevator. Nagsimula siyang tumakbo at nagmamadaling sumakay kasama nito.

Nginitian niya ang isang guwapo at matangkad na lalaking nakatayo sa sulok niyon, nasa isang buton na nagsasaad ng “door open” ang isang daliri. Tumaas ang mga kilay nito habang nakatingin sa kanya.

“Sixteen, please,” sabi niya rito at pinindot ng

lalaki ang button para sa sixteenth floor. Sumara ang mga pinto at nagsimulang umakyat ang elevator.

Humihingal na si Odessa. Nagsisimula na rin siyang mangatal dahil siguro sa delayed reaction sa ginawa niyang pagtakas sa sariling kasal. Niyakap niya ang sarili at napatingin sa kasama niyang lalaki.

Nakatingin ito sa kanya.

“This is just too interesting for me not to say anything,” anito sa sexy at mababang boses habang mapanukso siyang pinagmamasdan mula sa jeweled tiara na nagse-secure sa kanyang belo hanggang sa kulay puting jeweled ding sandals sa kanyang mga paa.

Payak siyang tumawa. “Long story.”

Nag-ding ang elevator at bumukas ang mga pinto sa sixteenth floor. Lumabas si Odessa.

“So, best wishes, I guess?” sabi nito na muling pinipindot ang “door open” button.

Ngumiti siya. “Actually, I think mas bagay ang congratulations. But thank you.” Tumango siya bilang paalam at muling ngumiti si Mr. Hottie bago nagsara ang mga pinto ng elevator.

Wala pang limang minuto, nakabihis na si Odessa at sinusundan na niya pababa ang bellboy na nagbubuhat ng bagahe niya, naghihintay na ang taxi sa labas ng entrance. Masisimulan na niyang

muli ang buhay niya. Binigyan niya ang bellboy ng may kalakihang tip bago siya sumakay ng taxi at nagpahatid sa airport.

Okay, so malamang hindi na siya sa Singapore pupunta. Baliw siya kung pagkatapos niyang iwan sa altar ang groom niya ay pupunta naman siya sa lugar kung saan sila dapat magha-honeymoon. Kung puwede lang siyang magpunta ng Pakistan, baka bumili na siya ng ticket.

Kinuha niya ang cell phone at tumawag sa isa sa mga travel agencies na nai-veto ni Troy dahil hindi ito kasing “sosyal” ng nararapat para mag-handle ng travel plans ng erederero at eredera ng mga Javillonar at Nicolas.

God, he was so... so... shallow! And such an asshole!

Huminga nang malalim si Odessa. Mamaya na! Asikasuhin muna niya ang pagbabago ng mga plano.

Nang sinagot ng isang travel agent ang kanyang tawag, agad na nagtanong si Odessa ng earliest available flight to anywhere. Kung maging ang agent ay nagulat, hindi nito iyon ipinahalata sa dalaga.

Aba, first time ngayong araw na may hindi nagulat sa kanya kung nagkataon!

After fifteen minutes at after ma-stroke ang credit card niya dahil sa mahal ng pamasahe dahil

sa last minute niyang pagpapa-book ng flight, may nakareserba nang upuan para sa kanya sa isang *Philippine Airlines* flight bound for Narita, Japan.

Nagpasalamat siya sa travel agent—at sa kanyang valid pang multiple entry visa, tinapos ang tawag at pinatay ang telepono na sa ngayon ay nakatanggap na ng 52 texts messages at 27 missed calls mula sa iba't ibang kaanak.

Nagsisisi siya na may mga tao siyang sinaktan at ipinahiya pero para sa sarili, wala siyang pinagsisisihan. She needed to disappear, to re-evaluate her life, herself. Kailangan niya ng oras. At kailangan niyang lumayo. At gagawin niya iyon bago niya harapin ang consequences ng ginawa ngayong araw dahil alam niyang darating ang oras na kailangan niyang gawin iyon.

Siya si Odessa Jane Nicolas, ang mabait at responsableng anak ng multi-billionaire na si Benjamin Nicolas at ang asawa nitong si Janet. Walang oras na naging reckless si Odessa kaya oo, haharapin niya ito at tatanggapin niya kung may kaparusahan ito.

Pero hindi ngayon. This time was for herself and she'd use every second of it relearning who she was.

Chapter Two



“Thank you,” sabi ni Caine Takeda nang iabot sa kanya ng nakangiting Immigration officer ang kanyang passport bago siya tumuloy papasok sa gate para hintayin ang kanyang flight pauwi.

He’d had a good week. Nakadalo siya sa ika-sandaang birthday ng kanyang lola, nakasama ang kanyang ibang mga kamag-anak at nakapahinga siya.

Tama ang kanyang mama. He needed this.

Vice president for Operations ng electronics company na pag-aari ng kanyang stepfather si Caine. Sa edad na twenty-eight, siya na yata ang isa sa mga pinakaabalang nilalang sa balat ng lupa. Nag-alala sa kanya ang kanyang ina at hiniling sa kanyang stepfather, ang Japanese businessman na si Ken Takeda, na kausapin siya para imungkahi na magbakasyon naman siya. Siyempre tumanggi siya at siyempre, binraso siya ng stepfather.

Spoiled dito ang kanyang ina, at kung balisa si Nilda Villar-Takeda, hindi rin mapakali si Ken. Kaya araw-araw siyang kinulit ng huli hanggang sa pumayag na siyang magbakasyon. Ang alam ng mga ito, two weeks siyang nasa Pilipinas para dumalo sa birthday celebration at family reunion

ng mga Takeda. Hindi na kailangang malaman ng mga ito na mandadaya siya at uuwi na ng Tokyo matapos lang ang isang linggo. Basta ba huwag lang siyang makita ng kanyang ama sa opisina, okay na siya.

Dumerecho si Caine sa lounge, naupo sa isa sa mga arm chairs at kinuha ang kanyang tablet. Nasa kalagitnaan siya ng pagbabasa ng isang report nang sa hindi niya malamang kadahilanan, napatingin siya sa pintuan ng lounge kung saan nakatayo ang isang magandang babaeng medyo pamilyar sa kanya.

Nakasuot ito ng jeans at isang kulay pink na blusa, may dalang isang kulay itim na shoulder bag at isang computer bag. Maamo ang mukha nito, parang mukha ng anghel. Soft brown eyes with thick, thick lashes, a small upturned nose and full, sensual lips. Nakadama siya ng init sa sikmura nang magtungo sa mga labing iyon ang kanyang mga mata.

Naka-makeup ito na para bang may dinaluhang okasyon. Nakaayos ang buhok ng babae sa isang komplikadong estilo kung saan parang korona ng mga braids sa itaas na bahagi ng likod ng ulo nito.

Bihirang magulat si Caine pero namilog ang kanyang mga mata nang makilala niya ito. Ito si Miss Runaway Bride na nakasabay niya sa elevator kanina sa hotel.

At ang nag-iisang bakanteng arm chair sa lounge ay nasa tapat niya.

Sabay nila iyong napuna ng babae. Nagsimula itong maglakad palapit sa kanya at itinuro ang upuan.

“Is this seat taken?” tanong nito gamit ang isang medyo husky, napaka-sexy na tinig na agad na-imagine ni Caine na tumatawag sa kanyang pangalan habang nasa ilalim niya ito sa kama.

“No,” sagot niya na paos ang tinig. Damn fantasies. “No, it’s vacant.”

“Thank you,” anito bago bumuntong-hininga at naupo roon.

Pinanood ni Caine na pagkrusin ng babae ang mahahabang binti at muntik na siyang mapaungol. Tumikhim siya.

“Ready to tell me that long story now?”

Nag-angat ito ng ulo, nagulat. “I’m sorry?”

“Yung long story sa elevator,” napapangiti niyang saad. “I think may oras na tayo ngayon.”

Pinagmasdan siya nito bago ito tumawa nang makilala siya. “The elevator guy.”

“The runaway bride.”

Ngumiti ang dalaga—or at least, he assumed na dalaga pa ito. “Yes. Yung runaway bride.”

Ibinaba ni Caine ang kanyang tablet. “Caine Takeda.”

“Odessa Nicolas,” saad nito, at iniabot sa kanya

ang kamay.

“If I buy you a drink, will you tell me your story?” *Will you come home with me?*

Tumawa ang babae. “You know what, I think I’ll take you up on that offer.”

“Ano’ng gusto mong inumin?”

“*Coke Light.*”

Tumango si Caine at tumayo para bumili ng inumin. Nang makabalik siya, ibinaba niya ang lata ng *Coke Light* sa tapat ng dalaga at muling naupo sa arm chair habang hawak ang sarili niyang lata ng regular *Coke*.

“Salamat.”

Pinanood niyang punasan ng tissue ni Odessa ang ibabaw ng lata bago hinila ang tab. He watched her take a sip and swore in his head. He had to get a grip. Dahil baka madiyaryo siya kinabukasan dahil nangmolesyta siya ng kapwa pasahero. Nang ibaba ng dalaga ang lata, ngumiti ito sa kanya.

“Sabi ko mahabang kuwento and I mean *mahabang* kuwento. Baka nandito na ang flight mo, hindi pa ako tapos.”

“I’m on the 2:45 PM flight to Narita.”

Namilog ang mga mata nito. “Ako rin!”

Ngumisi si Caine. “Great! I guess alam ko na ang in-flight entertainment ko. So? Bakit mo tinakasan ang sarili mong kasal?”



Sekretong pinagmasdan ni Odessa ang lalaking nakaupo sa kanyang harapan. Alam niyang matangkad ito at guwapo nang makasabay niya ito sa elevator pero masyado siyang distracted na hindi niya napagtanto kung gaano talaga ito kaguwapo.

He was tall and lean. Nakasuot ito ng simpleng polo at jeans pero halatang maskulado ang katawan nito. Maskulado pero hindi bulky na parang body builder. His face was lean with masculine angles and sexy planes. Clean-shaven ang angular nitong panga. His eyes were a direct dark brown, his nose straight. His lower lip was a bit fuller than the upper lip. Iyong klase ng labing gusto mong kagatin habang hinahalikan.

At nadama ni Odessa na medyo nag-init ang kanyang mukha dahil wala pa yatang isang oras ang nakakalipas nang iwan niya sa altar ang lalaking akala niya ay makakasama niya habambuhay. Pagkatapos ngayon, pinagpapantasyahan niyang mangagat ng isang estranghero? Kahit na nga ba ganito ito kaguwapo.

Huminga siya nang malalim. Might as well. Baka mas madadalian siyang maglabas ng saloobin sa isang estranghero na walang emotional investment sa kanya o kay Troy, kaysa sa isang taong kilala silang dalawa.

“I found out that my fiancé cheated on me.”
Bumuntong-hininga siya. “Again.”

Sumandal si Caine sa upuan, binuksan ang lata ng sariling inumin. “Sana pala kumuha na rin ako ng sandwiches. Mukhang mahabang kuwento talaga ito,” biro nito.

Tumawa si Odessa. “Sabi ko sa ’yo eh.”

“Start from the beginning,” udyok nito. “N’ung nalaman mong he cheated on you. The first time.”

Nagkibit-balikat siya. Hinaplos niya ng hinlalaki ang condensation sa gilid ng lata ng kanyang softdrink para palakasin ang loob. Akala niya nakalimutan na niya iyong lahat at napatawad na niya si Troy pero mukhang hindi pa pala. Mukhang hindi pa rin naghihilom ang mga sugat dahil ngayon, naninikip na naman ang dibdib niya.

“Last year, nahuli ng best friend ko si Troy—’yung ex ko—na may kasamang ibang babae. Sinabi ng best friend ko sa ’kin, so I confronted him at inamin niya na may isa pa nga siyang girlfriend. Nakipag-break ako sa kanya pero nagmakaawa siyang balikan ko siya. Niligawan niya ako ulit and fed me all the crap na laging sinasabi ng mga babaero.” Pinagmasdan niya ang kaharap. “No offense kung babaero ka.”

Tumawa ito, isang malalim at masayang tunog ng pagkaaliw. “None taken.”

Nangalumbaba siya. “So, babaero ka nga?” tukso niya.

Ngumiti sa kanya si Caine. “That’s for me to

know, and for you to find out. So I take it you took him back?”

Eksaherado siyang bumuntong-hiningang muli. “Sadly, yes. I loved him...” Kumunot ang kanyang noo at itinama ang kanyang sarili. Mahal pa rin naman niya si Troy ngayon. Di ba? “Love him. Naniwala akong magbabago siya at naging mahirap lang para sa ’ming dalawa ’yung panahon na ’yun. Isa pa, my parents loved... love him. Inaanak siya ng Daddy ko sa binyag. Nang magkabalikan kami, nag-propose siya at ako namang tanga, tinanggap ko.

“Then, nakakarinig na naman ako ng mga chismis na nambababae na naman siya. Women’s instinct, I think alam ko na totoo ang chismis pero hindi ko pinansin. Magpapakasal na kami, di ba? Then yesterday, while I was in the spa with my bridesmaids, bigla na lang umiyak ’yung isa sa kanila. Kaibigan siya ni Troy. He suggested na gawin kong bridesmaid ’yung girl na ’yun kasi hindi makakauwi galing States ’yung isa kong pinsan. She told me that she was pregnant and that Troy was the father. So, ’yun.”

Nag-angat ng paningin si Odessa at nakitang pinagmamasdan siya ni Caine. Kunot ang noo nito at madilim ang ekspresyon. Nang magsalita ito, mababa ang tinig nito.

“You do know that your fiancé is an asshole,

right?”

Natawa siya. “Ex-fiancé and, yes. Alam ko na ’yun bago pa siya nag-propose. Hindi ko lang alam kung bakit ko pa siya tinanggap ulit. At hindi ko rin alam kung bakit kinailangan ko pang pag-isipan kung makikipaghiwalay ako sa kanya ulit. Dapat kahapon pa lang nanggiyera na ako, di ba? Talagang n’ung nasa harapan na kami ni Father saka lang ako nagkalakas ng loob na hindi ituloy ang pagpapakasal sa kanya.”

“You said you love him. Love. Present tense.”

Doon naramdaman ni Odessa ang pag-init ng kanyang mga mata. “Yes. Maybe. Paano mo ba malalaman kung hindi mo na mahal ang isang tao?”

“Based on experience? When it stops hurting,” mahina at tapat na sagot ng lalaki.

“So may sarili kang sob story?”

“Don’t we all?” tanong nito pero imbis na magkuwento, muli itong nagtanong. “And this? Honeymoon n’yo ba dapat ’to?”

“Actually, sa Singapore ang honeymoon namin. Isasabay kasi niya sa meeting na kailangan niyang puntahan.”

“Meeting?” hindi makapaniwalang tanong ni Caine. “May pupuntahan siyang meeting sa honeymoon ninyo?”

“Isang araw lang naman daw.”

Pagak na tumawa si Caine. “If I were to go on a honeymoon with you, I’d take you somewhere remote. ’Yung walang telepono at walang Internet para walang mang-iistorbo sa ’kin while I—”

Huminto ito sa pagsasalita bago pa matapos ang sasabihin. *While he...? While he...?* While he what? Stripped her naked, kissed every inch of her skin before he made love to her?

Hindi man iyon sabihin ni Caine, alam niyang iyon ang iniisip nito. Nakikita iyon ni Odessa sa mainit nitong mga mata. And God! Iyon din ang iniisip niya. Kung si Caine ang kasama niya, ayaw rin niya ng istorbo!

He started to move toward her. Hahalikan ba siya nito? She could see the intent in his taut face. Nagsimula na rin siyang lumapit pero napalundag sila palayo sa isa’t isa. Sabay silang nag-angat ng ulo nang marinig ang tinig sa intercom na nag-aanunsyong maaari na silang sumakay ng kanilang eroplano.

“Ano’ng seat number mo?” tanong ni Caine habang naglalakad palabas ng lounge.

Nang sinabi niya rito ang kanyang designated seat, tumango lang ang binata. Umaasa siyang sana ay malapit lang ang upuan nito sa kanya, o kaya ay mag-offer ito na magkita silang muli paglapag ng eroplano pero wala itong sinabi.

Na-disappoint ang mahapdi pa niyang puso.

Kailangan niya ng kaibigan ngayon at hindi lang convenient si Caine, madali pa itong kasama. Sayang at parang hindi naman ito interesadong ipagpatuloy ang usapan nilang dalawa. Imagination lang yata ng dalaga ang lahat ng init sa pagitan nila.

Sabay silang nag-board ng eroplano pero nasa bandang likod na ng eroplano ang upuan ni Odessa dahil late na siyang nag-book at hindi na rin nakapag-check in online. Pasalamat nga siya na may bakante pang seat. Kahit business class ay puno na raw dahil may kasakay siyang isang malaking grupo ng Japanese businessmen. Kung nagkataon at business class na lang ang available sa eroplano, baka mag-walk out na ang credit card niya sa abuso. Iyon lang, sa kamalasan, nasa business class si Caine.

Nagtungo sa kanyang upuan si Odessa at inilagay ang bag ng computer sa overhead compartment bago naupo. At least, window seat siya. Nakatingin siya sa labas ng bintana nang dumating ang isang matandang lalaki. Ngumiti ito sa kanya at binati siya. Pero bago ito makaupo sa upuan sa tabi niya, may tumapik sa balikat ng matanda.

Si Caine.

“Good morning, Sir,” bati nito sa matanda.
“Would you mind if we switched seats on this

flight? I spoke to one of the flight attendants to ask for his permission and he said so long as it's all right with you. I'm up front in business class."

Oh, my God! Ipagpapalit nito ang business class, i.e. ang napakamahal nitong upuan para sa isang upuan sa likuran ng eroplano para makatabi siya?

"Oh. Well, I can't exactly say no to that, can I?" tawa ng matanda. "Are you sure though?"

Sinulyapan siya ni Caine at tiningnan na para bang mahalaga siya, na ipagpapalit nito ang kahit na ano para makasama siya. Namula si Odessa pero ngumiti siya.

Nagpalipat-lipat sa kanilang dalawa ni Caine ang mga mata ng matanda. "Oh! I see!" Tumawa ito bago siya binalingan. "Boto ako sa batang ito, Hija. Huwag mo nang pakawalan."

Nanatili sa mga mata ni Caine ang kanyang paningin nang sagutin niya ang matanda. "Mukhang ganoon na nga po."

Iginiya ng isang FA si Lolo patungo sa harap ng eroplano at naupo si Caine sa tabi niya.

"Sorry," sabi nito. "I asked if I could have your seat upgraded pero puno raw ang business class. Kaya ako na lang ang nagpunta rito. I hope you don't mind."

Ngumiti si Odessa. Nope, she didn't mind at all.

Chapter Three



Nang lumapag ang eroplano sa *Narita Airport* four hours and twenty-five minutes later, namimilipit na sa magkakahalo at magkakasalungat na emosyon ang sikmura ni Odessa. Na-enjoy niya ang flight kasama ni Caine na napatunayan niyang masarap kasama. Stepson ito ng isang Japanese businessman na nakilala ni Odessa ang pangalan dahil nababasa niya iyon sa mga diyaryo at magazines. Anak ito sa pagkadalaga ng ina nitong isang full-blooded Filipina na dating naging waitress sa Tokyo.

Hindi niya napigilan ang tawa nang sabihin ni Caine na, *“Pinipilit ko nga siyang paaminin na dancer siya sa club pero matigas si Mama. Hindi raw talaga siya aamin.”*

Matapos iyon, sinabi nitong wala itong pakialam kung ganoon nga ang naging dating trabaho ng ina nito. Mabuti raw itong ina at mabuting tao. Iyon lang ang mahalaga. Napakasinsero ni Caine at halatang mahal na mahal ang ina.

Siguro iyon ang turning point ng usapan nila. Crush niya ito dahil guwapo ito, tulad ng pagkaka-crush niya sa isang artista. But the more she

listened, the more she liked him. At parang mali-iyon dahil kaninang umaga lang, nasa harapan siya ng isang pari para ipangakong mamahalin ang isang lalaki; *ibang* lalaki.

Ang damuhong lalaking ilang beses nang nanloko sa kanya at nag-request pang gawin niyang bridesmaid ang future kabit nito!

Gayunpaman, hindi ibig sabihin may karapatan din siyang tumingin sa iba dahil alam niyang kahit paano, may pagtingin pa rin siya kay Troy. Kahit gaano niya kagusto, kahit anong klaseng katangahan, alam ni Odessa na hindi niya kaagad maaalis ang pagmamahal niya rito. Kakailanganin niya iyong gawin, consciously, gaya ng hindi niya ginawa noong unang beses na lokohin siya nito.

“Where are you staying?” tanong ni Caine nang makuha na nila ang kanilang mga bagahe.

“Sa *Shangri-La Hotel*,” sagot niya at muling inignora ang pagtili ng credit card niya nang i-quote ng travel agent ang presyo ng hotel suite na ipina-reserve nito sa kanya. Ganoon talaga ang credit card niya. May sariling personalidad. Pero after what she’d been through, she deserved this, damn it!

“I can drop you off at the hotel.”

Muling nag-tug-of-war ang mga emosyon sa loob ni Odessa. Kilig, pananabik, guilt, longing. Maaari siyang magpahatid sa lalaking ito sa hotel,

maybe invite him up to her room and have her wild, wicked way with him. Alam mo na, para malimutan niyang ginago siya ng fiancé niya at iniwan niya ito sa altar.

O maaari rin siyang tumanggi dahil masyado pang maaga para maging ganito siya ka-attracted sa ibang lalaki at ayaw niyang gatungan pa iyon.

Kahit masakit sa kanya, pinili niya ang door number two.

“Know what? I think I should be okay,” ani Odessa na hindi makatingin dito nang derecho. “I mean, you’ve been wonderful and I’m... You’re just... It’s just too...” Hindi niya alam ang sasabihin. Hindi niya alam kung *paano* sasabihin. Bumuga siya nang hangin at tumingala rito.

Pinagmamasdan lang siya nito, tila ba naiintindihan ang gusto niyang ipahiwatig. Humakbang palapit si Caine at sinapo ng isang kamay ang kanyang kanang pisngi.

“I understand,” mahina nitong saad. “Hindi kita pipilitin o hihingan ng mga bagay na hindi ka pa handa o na ayaw mong ibigay. Hayaan mo lang akong maging kaibigan mo ngayon, Odessa. Yun lang, I promise. Gusto lang kitang makasama ngayon.”

“I can’t...” *Can’t what?* “I can’t promise you anything. Hindi ako ang pinakamagandang kasama sa mga panahong ’to. I’m probably a mess. Hindi

lang halata ngayon. Baka bigla akong mag-nervous breakdown sa ilalim ng mga cherry blossoms sa *Tokyo Imperial Palace* habang kasama mo ako.”

Ngumiti si Caine at hinaplos ang pisngi niya. “Di yayakapin kita at hahayaang mag-breakdown hanggang sa okay ka na. And then, I’d take you somewhere you can have tea or kung anuman ang comfort food mo para mas bumuti ang pakiramdam mo. Pagkatapos, sa gabi, lalasingin kita at yuyurakan natin ang pagkatao ng ex mo hanggang sa magtaka ka kung bakit naging kayo in the first place at maisip mong buti nga talaga at nakipaghiwalay ka na sa kanya.”

Tumawa si Odessa. “You’re just saying that because you don’t want me to say no to you.”

“I’m saying that because I want you in my bed.”

Napatda siya. Aatakehin yata siya sa puso. Napaawang ang mga labi niya pero nakangiti lang sa kanya si Caine.

“You’re also very direct,” pautal-utal niyang sambit.

Nagkibit-balikat ang lalaki. “Mabuti nang sabihin ko ’yun sa ’yo ngayon so we can have that out of the way. Pero sabi ko nga, hindi kita pipilitin. Kung kaya mong tanggapin ’yun at hindi ka naman natakot sa ’kin dahil sa sinabi ko, then why don’t you let me take you to the hotel? I promise, I’ll just walk you to the door... maybe to the reception

desk, and I'll ask you for your number. Then I'll kiss you goodbye and I'll walk away. Deal?"

Sumisigaw si Good Girl Odessa sa loob niya na tumakbo na siya. Kunin na niya ang mga bags niya at tumakbo palayo sa aroganteng lalaking ito. Pero si Good Girl Odessa rin iyong nakipagbalikan kay Troy, iyong nagpaloko, iyong pinag-isipan pa kung itutuloy ang kasal kahit pa nalaman nitong hindi lang ito ang niloko ng lalaki.

Kaya iniabot ni New Odessa ang kamay kay Caine at tumango. "Deal."

There was a small smile on his face when he took her bags and placed it on the trolley along with his. Pagkatapos, ito na ang nagtulak niyon palabas ng arrivals area ng airport.

May sasakyang naghihintay para sa binata, isang kulay itim na *Audi SUV*.

Ipinakilala siya ni Caine sa driver/bodyguard nitong si Pete na isa ring Pinoy, medyo may-edad na pero maskulado ang katawan at tuso ang mapagmasid na mga mata. Si Manong Pete din ang nagsakay ng kanilang mga bags sa likuran ng sasakyan bago ito naupo sa driver's seat.

"Sa *Shangri-La* muna tayo, Manong Pete," ani Caine at tumango ang driver bago nagsimulang umandar ang sasakyan.

Hindi ito ang unang beses na nakapunta si Odessa sa Japan pero kinikilig pa rin siya habang

bumibiyaha sila. Ito ang isa sa pinakapaborito niyang mga bansa at ang Tokyo ang isa sa pinakapaborito niyang mga siyudad sa mundo.

Iminungkahi niya kay Troy na sa Tokyo sila mag-honeymoon pero tumanggi ang lalaki. Siguro, noon pa lang, dapat nalaman na niyang hindi na nila dapat itinuloy ang kasal.

It doesn't matter.

Nasa Japan na siya, sakay ng isang SUV kasama ng isang napaka-sexy na lalaking nag-effort na makasama siya kahit pa noon pa lang sila nagkakakilala. Pakiramdam tuloy niya special siya. Kung iisipin, matagal na niyang hindi nadarama na special siya. This was awesome!

“You’re smiling,” puna ni Caine at napatingin siya sa lalaki. Pinagmamasdan siya nito na puno ng interes at kuryosidad ang guwapong mukha.

“I’m... actually happy,” amin niya, medyo nagulat pa sa sarili dahil totoo iyon. Matagal na rin siyang hindi nagiging tunay na masaya. Muli siyang tumingin sa labas ng bintana. “Kung iisipin, hindi dapat. Nararamdaman ko pa rin ’yung pag-aalala. I mean, I just ran away from my own wedding. But right now, I’m happy. Pero hindi ibig sabihin na hindi na ako biglang iiyak sa gitna ng kalsada.”

“Hindi mo pa alam ngayon pero darating ang oras when you’d realize it was the best thing you ever did for yourself.”

Tumango si Odessa. Tama ito. Naroon ang guilt sa ginawa niyang pagtalikod kay Troy at pagpapahiya rito at sa mga pamilya nilang dalawa pero kung siya lang ang iisipin, parang mas maganda ang feeling. Gumiginhawa na ang pakiramdam niya dahil alam niyang hindi siya mata-trap sa isang kasal na alam niyang pagsisisihan niya sa huli. Nakakahinga na siya nang maluwag. Wala na ang madilim na aninong parang sumusunod sa kanya mula pa noong muli niyang tanggapin sa buhay niya si Troy. Nagi-guilty siya na iyon ang pakiramdam niya sa lalaki at sa relasyon nila, pero kailangan din niyang ipaalala sa sarili na ilang beses na siya nitong niloko. Tama lang sigurong ang sarili naman niya ang isipin niya.

Muli niyang binalingan si Caine. Nakatingin ito sa labas ng bintana sa tabi nito. Ang guwapo lang talaga nito. Ang ganda ng panga, ng hugis ng mukha, ng ilong, ng mga labi. Gusto niyang sundan ng mga daliri ang balat nito. Sa tindi ng kagustuhang iyon, nadama ni Odessa na namimilitik ang dulo ng kanyang mga daliri.

Napansin yata ng binata na nakatingin siya rito dahil bumaling ito. Nagtama ang kanilang mga mata. His eyes were deep brown. Pinaliligiran iyon ng makapal na pilik na kaiinggitan ng isang babae.

Alam niyang maaaring maging marahas ang mga matang iyon, gaya ng ilang beses niyang

nakita nang minsang sulyapan niya ito nang hindi nito alam habang nasa eroplano sila kanina. Pero maaari rin silang maging malambing. O kaya ay puno ng amusement.

Tulad ngayon.

Namula ang mga pisngi ni Odessa nang ma-realize na nakatitig siya rito. “Sorry.”

“No problem,” ani Caine. “Gusto ko ring nakatitig sa ’yo.”

Mas lalo lang siyang namula. Hindi yata siya nag-blush nang tulad nito o nang ganito kadalas noong sila pa ni Troy. Hindi kasi sweet ang dating nobyo. O, hindi lang talaga ito sweet sa kanya. Para ngang hindi pa interesado masyado sa kanya si Troy kung iisipin. Hindi niya maalala na tiningnan siya nito ng kung paano siya tiningnan ni Caine.

May nadama siyang kung ano sa kanyang dibdib. Flattery? Siguro. Attraction? Definitely. Heat? Hindi lang niya iyon sa dibdib nadarama. Pati sa sikmura niya may napansin siyang pagsisimula ng init.

“Ganito ka ba lagi sa mga babaeng nakakasabay mo sa eroplano?” biro niya rito para palisin ang para bang biglang kumapal na tensyon sa loob ng sasakyan. “You flirt with them while driving them to their hotels?”

He flashed a smile. “D’un lang sa mga nakakasabay ko sa elevator na naka-wedding

gown.”

Tumawa si Odessa. “That you don’t see everyday.” Natigilan siya at bumaba sa mga kamay nito ang kanyang mga mata. Dahil wala itong suot na singsing, naalala niyang napag-usapan nilang single ito.

“Eh, ikaw? Bakit nga ba wala ka pang asawa?” bigla niyang tanong. “If I may ask.”

Nagkibit-balikat ito. “The usual reasons. Masyado akong busy para makipag-date. Hindi ko pa nakikilala ’yung gusto kong mapangasawa. Hindi pa ako handa.”

Napangiti ang dalaga sa enumeration ng lalaki na para bang binabasa nito ang isang listahan ng mga dahilan kung bakit nananatiling bachelors ang mga tulad nito.

“So ano talaga ang dahilan?”

Mahinang tumawa si Caine. “Honestly? Dahil hindi ko pa talaga naiisip na mag-asawa.” Muling nagtama ang kanilang mga mata. “Ngayon pa lang.”

Sumikdo ang dibdib niya. “Dahil itinanong ko sa ’yo, right?”

Nagpigil ito ng ngiti. “Yeah. Saka naalala na naman kitang naka-wedding gown.”

Pinaningkitan niya ito. “You’re never going to let me forget that, are you?”

“No,” agad nitong sagot. “Masyadong maganda

ang alaalang 'yun para hindi alalahanin maya't maya."

Pabirong hinampas ni Odessa ang braso ng binata.

"Baka pagod ka. Okay lang sa 'kin kung gusto mong matulog. Gigisingin na lang kita kapag nasa hotel na tayo," sabi ni Caine sa kanya at muling sumilip ang dalaga sa labas ng bintana.

"Hindi. Masyado akong energized para makatulog. Ikaw, baka pagod ka. Hindi rin kita pinatulog sa eroplano."

Umiling ang binata. "Okay lang ako. Isa pa, kasama kita. I'd rather stay awake."

Kung siya ang tatanungin, siya rin. She'd rather stay awake, too. Dahil kung matutulog siya sa biyahe, gusto niyang matulog nang nakasandal dito, at hindi pa sila ganoon ka-close para gawin niya iyon.

But somehow, sigurado ni Odessa na bago siya umuwi ng Pilipinas, magkakaroon siya ng pagkakataong matulog nang nakasandal dito, na nasa mga bisig nito. Nag-blush siya sa kaisipan. Kaya para ilayo ang isip sa tukso, nagtanong siya tungkol sa kabataan ni Caine, kung ano ang pakiramdam ng lumaki sa Japan. Nagkuwento ito at ikinumpara nila ang mga kabataan nila.

Wholesome at safe ang topic na iyon. Di bale nang hindi wholesome at safe ang mga kaisipang

umuusbong sa kanyang isip dahil sa sexy at malalim na tinig ni Caine.



Nang marating nila ang *Shangri-La Hotel*, naunang bumaba ng sasakyan si Caine at iniabot sa kanya ang isang kamay para tulungan siya. Agad niyang naisip ang kaibahan nito at ni Troy. Bihirang maalala ni Troy na ipagbukas siya ng pinto pero halatang gentleman itong si Caine. Either maayos itong napalaki ng ina o dahil nga sa gusto siya nitong ikama...

Naglakad sila papasok ng hotel habang sinusundan ng isang bellboy na may dala ng bagahe ni Odessa. Nakipag-usap siya sa receptionist para mag-check in at mabilis na nabigyan ng susi matapos siyang papirmahin ng mga forms.

Pagkuwa'y muli niyang hinarap si Caine. Nakapamulsa ito sa kanyang tabi, matangkad, seryoso, guwapo at super sexy, nakatingin sa kanya na may maliit na ngiti sa mga labi.

"This is when I ask you for your number," sabi nito.

Mahinang tumawa si Odessa at hinintay na makuha ng binata ang numero niya. "Roaming number ko 'yan," aniya. "Pero baka bumili ako ng bagong SIM card mamaya. Ayaw ko munang buksan ang phone ko for obvious reasons."

"Di kunin mo ang number ko, then text me

when you have a new one.”

Tumango rin siya at nag-save ng numerong ibinigay sa kanya ng binata. Matapos maibulsa ang smartphone, muli niya itong tiningala.

“Now,” sabi nito na mababa at paos ang tinig. “This is when I kiss you.” One of his hands went to cup the back of her neck to slowly draw her into him.

Nakatingin ito sa kanyang mga mata at alam ni Odessa na nawala sa focus ang kanyang paningin. Hindi ito nanghihingi ng permiso. Alam nitong papayag siya.

At nang sa wakas ay maglapat ang kanilang mga labi, there was nothing tentative or soft or sweet about the kiss. It was all flash and heat and fire.

Napasinghap siya, napaangat ang mga palad para lumapat sa dibdib ni Caine pero hindi para itulak ito palayo kundi para magkuyom sa tela ng suot nitong polo. Nalimutan ni Odessa ang lahat, kung nasaan siya, kung bakit siya naroon, kung sino ang kasama niya, kung sino siya. Ang mahalaga lang ay ang malambot na mga labing tila ba uhaw na nakalapat sa bibig niya at ang mainit at matigas na katawang nakadiin sa kanyang katawan.

Nang pakawalan siya ng binata, nangangatal siya, namimilog ang mga mata. Umangat sa mga

labi niya ang kanyang mga daliri. Pinagmasdan niya si Caine. Hindi ito mayabang na nakaismid. Walang pilyong ngiti sa mga labi nitong basa mula sa halik niya. Kunot ang noo nito at tila ba tulad niyang nagitla sa pagsabog ng sensasyon sa katawan nito.

Mabagal siya nitong pinakawalan. “Don’t forget to text me your number. I’ll be here at 9 AM tomorrow. I’ll take you out for breakfast.”

Iyon lang bago ito tumango, tumalikod at umalis, iniwan si Odessa na natulala sa gitna ng mataong lobby, pinapanood ang pag-alis nito.

